# Pangkalahatang Ideya

Maagang nakikipag-ugnayan ang BC Housing at ang Lungsod ng Vancouver sa mga kapitbahay sa proseso ng pag-unlad para sa panukalang pansuportang pabahay sa 1925 Southeast Marine Drive sa Beatrice Street.

Bilang bahagi ng maagang pakikipag-ugnayan, nag-host ang BC Housing ng dalawang sesyon ng Talakayan sa Kapitbahayan noong Marso 8 at 9, 2022 nang may kabuuang 21 kasapi ng komunidad na dumalo. Itinampok ng birtuwal na mga sesyon ang maikling mga pagtatanghal na sinundan ng paikot na talakayan kung saan maaaring magtanong ang mga kalahok at magbahagi ng opinyon tungkol sa panukala.

Ibinubuod ng dokumentong ito ang dalawang sesyon ng Talakayan ng Kapitbahayan na naganap para sa panukalang pansuportang pabahay sa 1925 Southeast Marine Drive sa Beatrice Street. Kasama rito ang opinyon na ibinahagi ng mga kasapi ng komunidad sa pulong, nang may kaukulang mga tugon mula sa pangkat ng proyekto na kasama ang BC Housing, Lungsod ng Vancouver, at ang non-profit na gumagawa ng gusali na The Kettle Society.

# Buod ng Opinyon: Mga Sesyon ng Talakayan sa Kapitbahayan

1. **Nagpahayag ng kagustuhan ang mga kasapi ng komunidad na malaman kung sino ang titira sa gusali, kasama ang:**
    - Paano pipiliin ang mga residenteng maninirahan sa bagong mga tahanan
        - *Sumagot ang pangkat ng proyekto at gumagawa ng gusali:* Nawawalan ng tahanan ang mga tao sa maraming dahilan. Kinapanayam namin ang mga taong maaaring gustuhing tumira rito at tinitiyak na matutugunan ng mga serbisyo at suportang ibinibigay ng non-profit na namamahala sa pabahay ang kanilang pangangailangan.
    - Kung puwedeng partikular na para sa mga nakatatanda ang pabahay na ito
        - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Mayroon kaming pabahay na nakalaan para sa mga nakatatanda at maaaring ang mga nakakatanda ang mangungupahan sa gusaling ito sa hinaharap. Kailangan naming patuloy na magtayo ng mga pabahay para sa lahat ng edad para matugunan ang krisis sa abot-kayang pabahay na hinaharap ng Vancouver.
    - Paano magagawang kumilos sa mga burol ng kapitbahayan ang mga nakatatanda at may mga hamon sa pagkilos
        - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Makikipagtulungan kami sa mga arkitekto ng gusali para magawang madaling madaanan ang pasukan ng gusali. Marami kaming nangungupahang may mga hamon sa pagkilos sa iba naming mga gusali at nagbibigay ng suporta ang aming pangkat sa kanilang pangangailangan na kumilos sa lugar.

- Kung nakalaan para maging transisyonal ang pabahay o kung puwedeng manatili nang pangmatagalan ang mga tao
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Pansuportang pabahay ito, hindi transisyonal na pabahay. Maaaring magpatuloy ang ilang tao pero may ilang kakailanganin ang suporta habambuhay. Magkakaroon ng iba't ibang taong pupunta rito para manirahan.

2. **Humingi ng paglilinaw ang mga kasapi ng komunidad sa pamamahala ng gusali at mga uri ng suportang makukuha ng mga nangungupahan, kasama ang:**

- Mga mungkahing walang sapat na opsiyon sa serbisyo at sasakyan sa kapitbahayan para sa mga residente ng pansuportang pabahay
  - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Titiyakin naming mabibigyan ang lahat ng residente ng suportang kailangan nila sa gusali at sa komunidad. May sasakyan kaming puwedeng gamitin ng kawani para ihatid sa appointment nila ang mga tao.
- Kung nasa lugar ang mga kawani nang 24/7
  - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Oo, magkakaroon ng tauhan sa lugar nang 24/7. Ang nagpapatakbo na non-profit sa pabahay ay magkakaroon din ng linya ng telepono na puwedeng tawagan ng mga kapitbahay kung kailangan.
- Paano pananatilihin ang kaligtasan ng komunidad
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Residensiyal na gusali ito, hindi tulad ng ibang gusali na may mga kasera. Matatawag ng mga residente ang kawani nang 24/7 sa lugar kung kailangan.
- Anong mga serbisyo ang makukuha ng mga residente, lalo na yung mga dumaranas sa adiksiyon
  - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* May maraming dahilan kung bakit kumukuha ng pansuportang pabahay ang mga tao. Kailangan ng lahat ang iba't ibang suporta at nakikipagtulungan kami upang mapanatiling malusog ang mga tao sa aming mga gusali.

3. **Humingi ng paglilinaw ang mga kasapi ng komunidad sa kung paano pinipili ang mga lugar para sa pansuportang pabahay, kasama ang:**

- Paano pinili ang lugar na ito
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Pag-aari ng Lungsod ng Vancouver ang lugar, malapit ito sa sakayan at nakatalaga para sa residensiyal na gamit.

4. **Nagbahagi ng opinyon ang mga kasapi ng komunidad sa mga elemento ng taas at disenyo ng gusali, kasama ang:**

- Alalahanin tungkol sa paradahan at pagsisikip ng trapiko sa Beatrice St.
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Kasama sa panukala ang isang paradahan sa ilalim ng lupa na may pitong espasyo ng paradahan. Natutugunan ng pagtatalaga sa paradahan ang mga pangangailangan sa operasyon ng nagpapatakbo ng non-profit na pabahay. Karaniwang walang sasakyan ang mga residente at kawani.

- Mga alalahanin tungkol sa kakulangan ng bangketa, at paglalagay ng mga bagong bangketa, bilang bahagi ng pagpapaunlad
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Makikipatulungan kami sa Lungsod sa mga detalyeng ito habang dumadaan ang proyekto sa proseso ng muling pagsona at pagpapaunlad.
- Isang mungkahing masyadong mataas ang anim na palapag para bumagay sa estetika ng kapitbahayan
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Mayroong kagyat na pangangailangan para sa pansuportang pabahay. Maingat na idinidisenyo ang lugar na ito para umayon sa mga plano ng kapitbahayan at para mababagay ito sa parehong umiiral at hinaharap na kapitbahayan, gayon din ang lokasyon nitong malapit sa SE Marine Dr. Ipinapanukala namin ang taas na ito para mabigyan ng tahanan ang pinakamaraming taong posible.
- Alalahanin tungkol sa pagkawala ng luntiang espasyo sa kapitbahayan
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Nauunawaan namin na ito ay luntiang espasyo na tinatamasa ng mga kasapi ng komunidad. Gayunpaman, hindi ito nakalaan, nakatalagang luntiang espasyo at nakasona para sa residensiyal na gamit.

5. **Nais maunawaan ng mga kasapi ng komunidad ang proseso ng pag-apruba ng proyekto at ang makukuhang mga oportunidad para makapagbigay ng opinyon, kasama ang:**

- Paano nagbahagi ng impormasyon sa mga kapitbahay ang BC Housing at ang Lungsod tungkol sa panukala
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Naghatid kami ng postcard sa mga kapitbahay na nasa dalawang bloke sa paligid ng lugar, at nagpadala kami sa koreo ng isang dokumento ng impormasyon sa mga kapitbahay na nasa loob ng limang bloke sa lugar. Inianunsiyo namin sa social media ang proyekto, nagpadala ng balita, kumonekta nang direkta sa lokal na mga grupo at organisasyon ng komunidad, at bumisita sa kalapit na mga negosyo para magbahagi ng impormasyon at masagot ang mga tanong tungkol sa panukala. Nag-post din kami ng karatula ng impormasyon sa mismong lugar. Mayroon kaming nakalaang webpage kung saan makukuha ang lahat ng materyales, kasama ang nasa Tradisyonal na Tsino, Tagalog at Punjabi (www.letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine).
- Saan magbibigay ng opinyon at tatanggap ng mga update tungkol sa proyekto
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* May maraming oportunidad para makapagbigay ng komento sa panukala ang komunidad kasama ang pagdalo sa Talakayan sa Kapitbahayan, pagsumite ng komento habang nasa Panahon ng Pagkomento ng Publiko sa website ng Pag-usapan Natin ang Pabahay, pagsumite ng komento anumang oras sa website ng Pag-usapan Natin ang Pabahay, pagtawag o pag-email sa Tagapag-ugnay ng Komunidad anumang oras. Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321.

    Inaabot namin ang pamayanan nang maaga sa proseso ng pagpapaunlad. Ang opinyon na nakolekta sa maagang pakikipag-ugnayan na ito ay magbibigay ng impormasyon sa pag-usad ng aplikasyon sa muling pagsona na isusumite sa Lungsod ng Vancouver na rerepasuhin ng Konseho ng Lungsod. Kapag naisumite ang isang aplikasyon sa muling pagsona, magdadaos ng dagdag na proseso ng pakikipag-ugnayan sa publiko na pamumunuan ng Lungsod kasama ang bukas na bahay at pampublikong pagdinig.

# Mga Oportunidad para sa Komento ng Komunidad

Bukod sa mga sesyon ng Talakayan sa Kapitbahayan, puwede ring magbigay ang mga miyembro ng komunidad ng opinyon sa panukalang pansuportang pabahay sa 1925 Southeast Marine Drive sa Beatrice Street sa pamamagitan ng mga daluyang nakalista sa ibaba. Inaabot ng BC Housing at Lungsod ng Vancouver ang komunidad nang maaga sa proseso ng pag-usad. Ang opinyon na nakolekta sa maagang pagsangkot na ito ay magbibigay ng kaalaman sa pagpapaunlad ng aplikasyon sa muling pagsosona na isusumite sa Siyudad ng Vancouver na rerebyuhin ng Konseho ng Siyudad. Kapag naisumite ang isang aplikasyon sa muling pagsona, magdadaos ng dagdag na proseso ng pagsangkot ng publiko na pamumunuang ng Siyudad kasama ang bukas na bahay at pampublikong pagdinig.

## Panahon para sa Pagkomento ng Publiko

Kasalukuyang bukas ang Panahon ng Pagkomento ng Publiko sa webpage ng BC na Pag-usapan Natin ang Pabahay. Mula sa Pebrero 21, 2022 hanggang Marso 18, 2022 puwedeng magsumite ang mga kasapi ng komunidad ng opinyon tungkol sa mungkahing pansuportang pabahay nang direkta sa pangkat ng proyekto. Bilang bahagi ng Panahon ng Pampublikong Komento, makukuha para sa pagrepaso ang isang presentasyong ginagabayan ng sarili na may impormasyong tungkol sa mungkahi sa pagpapaunlad sa www.letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine.

## Webpage ng Pag-usapan Natin ang Pabahay

Tumatanggap ang BC Housing ng komento anumang oras sa pamamagitan ng online na form ng komento na makukuha sa webpage ng Pag-usapan Natin ang Pabahay sa www.letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine.

## Email at Telepono ng Tagapag-ugnay ng Komunidad ng BC Housing

May Tagapag-ugnay ng Komunidad Lunes hanggang Biyernes mula 9:00am hanggang 4:00pm, para makontak ng mga kasapi ng komunidad sa pamamagitan ng telepono o email. Maaaring magsumite ng mga komento at tanong tungkol sa proyekto ang mga kasapi ng komunidad at makatanggap ng mga sagot mula sa BC Housing. Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321.

# Susunod na mga Hakbang

| Marso 2022 | Tagsibol 2022 | Tagsibol 2022 | Taglamig 2022/2023 | Taglamig 2022/2023 |
|---|---|---|---|---|
| KOMENTO NG PUBLIKO SA PANUKALA | APLIKASYON PARA SA MULING PAGSONA NA ISINUMITE SA LUNGSOD NG VANCOUVER | BIRTUWAL NA BUKAS NA BAHAY NG LUNGSOD NG VANCOUVER | PAMPUBLIKONG PAGDINIG | PASYA NG KONSEHO NG LUNGSOD NG VANCOUVER SA APLIKASYON SA MULING PAGSONA |

***KOMENTO NG PUBLIKO SA PANUKALA***

***KOMENTO NG PUBLIKO SA APLIKASYON SA MULING PAGSONA***

***KOMENTO NG PUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG WEBSITE NA 'PAG-USAPAN NATIN ANG PABAHAY' AT TELEPONO AT EMAIL NG TAGAPAG-UGNAY NG KOMUNIDAD***

*Ang mga petsa sa timeline ay tantiya at maaaring magbago.*

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine**

Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9:00am at 4:00pm.